



# Pangkalahatang impormasyon

# F4

## Paano ko babayaran ang USCIS Immigrant Fee



U.S. Citizenship  
and Immigration  
Services

Kung ikaw ay mangingibang bayan sa Estados Unidos at matanggap bilang isang legal na permanenteng residente, dapat kang magbayad ng \$165 na USCIS Immigrant Fee. Kailangan mong gamitin ang USCIS Electronic Immigration System para bayaran ang bayaring ito. Labis naming hinihikayat na bayaran mo ang babayaring ito **pagkatapos** mong matanggap ang immigrant visa packet mula sa Estados Unidos. Ang embahada o konsulado sa ibang bansa (pati na sa Canada at Mexico) at **bago** lumipad patungo sa Estados Unidos. Ang pagbayad bago kayo lumipad patungo sa Estados Unidos ang siyang titiyal na inyong matatanggap ang inyong Permanent Resident Card (na karaniwang tinutukoy na Green Card) nang walang pagkakaantala.

### Ano ang USCIS Immigrant Fee?

Ang USCIS Immigrant Fee ay \$165. Ginagamit ng USCIS ang babayring ito para iproseso ang iyong immigrant visa packet sa sandaling darating kayo sa Estados Unidos. Kabilang rin sa babayarin ang gastos para makagawa ang USCIS ng iyong Green Card.

**Mangyaring Tandaan:** Kailangan ninyong magbayad ng hiwalay na bayarin sa Department of State (DOS) at sa USCIS. Dapat kayong magbayad ng mga immigrant visa application fee sa DOS at ang inyong USCIS Immigrant Fee (\$165) sa USCIS.

### Paano ko babayaran ang USCIS Immigrant Fee?

#### 1. Magpakita sa inyong appointment sa Embahada o konsulado ng Estados Unidos.

- Makakatanggap ng isang handout na nagpapaliwanag kung paano magbabayad ng USCIS Immigrant Fee. Pakitago ang dokumentong ito sa inyong mga rekord dahil nagtataglay ito ng inyong mga personal na impormasyon sa pangingibang bayan.
- Sa taas na bahagi ng handout, inyong makikita ang inyong:
  - **Alien Registration Number** (ang letrang "A" kasunod ng 8 o 9 na mga numero. Halimbawa: "A0123456789"); at
  - **DOS Case ID** (3 letrang kasunod ng 9 o 10 na mga numero. Halimbawa: "ABC1234567890")

**Mangyaring tandaan:** Para sa mga Diversity Visa (DV) na imigrante, ang DOS Case ID ay magkakaroon ng 4 na numero susundan ng 2 letra na susundan ng 5 numero. Halimbawa: "1234XY12345."

- Makakatanggap ng naselyuhang immigrant visa packet.

#### 2. Bayaran ang USCIS Immigrant Fee

- Pumunta sa [www.uscis.gov/file-online](http://www.uscis.gov/file-online) para mapag-aralan ang mga magagamit sa pag-file sa USCIS nang online.
- Piliin ang "Log in."
- Susunod, piliin ang "USCIS Immigrant Fee."
- Ilagay ang inyong **Alien Registration Number** at **DOS Case ID**, na makikita sa itaas na bahagi ng inyong handout tungkol sa USCIS Immigrant Fee. Kung kayo ay magbabayad para sa mga karagdagang kapamilya, maaari ninyong idagdag ang kanilang mga Alien Registration Number at DOS Case ID.
- Magbigay ng valid credit card (Visa, Master Card, American Express, or Discover Card), debit card, o impormasyon sa checking account sa bangko sa Estados Unidos (account number at bank routing number).

Kung hindi ninyo mismong mababayaran ang USCIS Immigrant Fee, maaari kayong pumili ng isang taong magbabayad para sa inyo. Halimbawa: isang kapamilya, kaibigan, pinagtatrabahuhan, abogado o legal na kinikilalang kinatawan.

#### Anong mangyayari pagkarating ninyo sa Estados Unidos?

##### 1. Darating dala ang inyong Immigrant Visa Packet sa U.S. Port of Entry

- Kayo ay tatanggapin sa Estados Unidos bilang isang legal na permanenteng residente ng U.S. Customs and Border Protection (CBP).

##### 2. Tatanggapin ninyo ang inyong Green Card (Form I-551)

- Pagkatapos kayong tanggapin sa Estados Unidos, beberipikahin ng USCIS na inyong nabayaran ang USCIS Immigrant Fee at ipapadala ang inyong Green Card sa address sa Estados Unidos na inyong ibinigay sa DOS sa oras ng inyong immigrant visa interview o sa CBP noong tinanggap kayo sa Estados Unidos.
- Kung walang rekord ang USCIS na nagpapakitang nabayaran ninyo ang USCIS Immigrant Fee, magpapadala ang USCIS ng sulat na may mga tagubilin kung paano mababayaran ang bayarin.

- Kung nabayaran na ninyo ang bayarin bago pumunta sa Estados Unidos at hindi natanggap ang Green Card sa loob ng 120 na araw pagkatapos na matanggap sa Estados Unidos, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng aming online na form ng pagpapatulong sa <https://egov.uscis.gov/cris/contactus>.
- Maaari rin kayong mag-iskedyul ng InfoPass appointment sa inyong lokal na opisina kung kayo ay may tanong o kung nangangailangan ng mga karagdagang tulong sa inyong kaso. Para makapagpalista para sa isang InfoPass appointment, pumunta sa <https://infopass.uscis.gov>.

### Anong kailangan kung gawin kung ako ay lilipat sa ibang address pagkatapos kong dumating sa Estados Unidos?

- Ipadalala lamang ng USCIS ang inyong Green Card sa pagpapadalhang address sa Estados Unidos na ibinigay ninyo sa Department of State sa panahon ng inyong interview para sa immigrant visa o sa opisyal ng CBP kapag kayo ay dumating sa Estados Unidos. Kung plano ninyong agarang tumira sa ibang address sa Estados Unidos pagkapasok sa Estados Unidos, pakibigay ang address na inyong sa opisyal ng CBP para matiyak na darating ang inyong card sa inyong bagong tirahan.
- Kung kayo ay lilipat pagkatapos ninyong dumating sa Estados Unidos, mangyaring paki-update ang inyong address sa USCIS sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.uscis.gov/addresschange](http://www.uscis.gov/addresschange) o sa pamamagitan ng pagtawag sa National Customer Service Center sa (800) 375-5283. At saka, aming inirerekomendang inyong i-update ang inyong address sa U.S. Postal Service sa pamamagitan ng pagbisita sa inyong lokal na post office ng Estados Unidos o online sa U.S. Postal Service sa [www.usps.com/umove](http://www.usps.com/umove).

### Mga tip sa pagbayad ng USCIS Immigrant Fee

1. **sinuman** ay maaaring magbayad ng USCIS Immigrant Fee para sa inyo. Kasama na dito ang mga abogado, legal na kinikilalang kinatawan, kapamilya, kaibigan, at pinagtatrabahuhan.
2. **A-Number.** Kung ang inyong Alien Registration Number ay mas kakaunti sa 9 digit, magsingit ng sero (0) pagkatapos ng "A" at bago ang unang digit para makalikha ng 9 na digit na numero. Halimbawa: "A12345678" ay magiging "A012345678".
3. **Pag-navigate sa Inyong Computer Habang Nagbabayad ng Bayarin.** Huwag gamiting ang "Back" (Babalik) button ng inyong computer habang nagbabayad ng USCIS Immigrant Fee. Maaaring magdulot ito ng mga error. Sa halip, gamitin ang mga navigation button ng system para umabante o bumalik.
4. **Pagsumite ng Inyong Kabayaran.** I-klik ang "Isumite ang Bayad" na button nang minsan lamang para sa bawat isa ng USCIS Immigrant Fee na inyong binabayaran. Kung inyong iki-click ang button nang mahigit sa isang beses, maaaring maging maraming beses kayong magbabayad ng bayarin.
5. **Mga Pagbayad ng Online Lamang.** Dapat kayong magbayad ng USCIS Immigrant Fee sa online. Hindi tatanggap ang USCIS ng mga bayad sa pamamagitan ng koreo.
6. **I-print ang Isang Kopya para sa Inyong mga Rekord.** Aming inirerekomendang mag-print kayo ng kopya ng transaksyon ng pagbayad at ng resibo ng pagbayad para sa mga rekord ninyo.

### Paano na kung hindi ko mabayaran ang USCIS Immigrant Fee bago ako lumipad patungo sa Estados Unidos.

Kung hindi ninyo mabayaran ang USCIS Immigrant Fee bago kayo lumipad patungong Estados Unidos, dapat ninyong bayaran ang bayaring ito pagkatapos kayong tanggapin sa Estados Unidos. Kung walang rekord ang USCIS na nagpapakitang nabayaran ninyo ang USCIS Immigrant Fee, magpapadala ang USCIS ng sulat na may mga tagubilin kung paano mababayaran ang bayarin.

**Mangyaring Tandaan:** Hindi ninyo matatanggap ang inyong Green Card hanggang sa mabayaran ninyo ang USCIS Immigrant Fee.

### Paano ko malalaman kung kailangan kong magbayad ng bayarin o kung hindi ako kabilang sa mga magbabayad ng bayarin?

Kung ibinigay ng DOS ang inyong immigrant visa at kayo ay nag-aaplay para matanggap sa Estados Unidos, dapat kayong magbayad ng USCIS Immigrant Fee malibang kung hindi kayo kabilang sa mga magbabayad ng bayarin? Aabisuhan kayo ng DOS kung kayo ay di kasama sa pagbabayad ng bayarin.

Ang mga sumusunod na imigrante sa pangkalahatan ay di kabilang sa mga magbabayad ng USCIS Immigrant Fee:

- Mga batang papasok sa Estados Unidos na nasa ilalim ng alinman sa mga programang Orphan o Hague na pag-aampon;
- Mga espesyal na imigrante ng Iraqi at Afghan;
- Mga bumabalik na residente (SB-1s); at
- Mga indibidwal na nabigyan ng K visas.

### Anong mangyayari kung nabigo kong bayaran ang bayarin?

USCIS **ay hindi** maglalabas ng inyong Green Card hanggang sa inyong mabayaran ang USCIS Immigrant Fee. Sa sandaling mabayaran ang bayarin, ipopreso ng USCIS ang bayad ninyo at bibigyan kayo ng Green Card.

Pagkadating ninyo sa Estados Unidos, makakatanggap kayo ng tatak sa inyong pasaporte na magpapatunay na ang pagpasok ninyo dito ay isang naaayon sa batas na permanenteng residente. Ang tatak ay may bisa para sa isang taon. Sa sandaling mawawalan ng bisa ang tatak na ito, kakailanganin ninyo ang Green Card ninyo bilang katibayan ng inyong legal na katayuan ng inyong pagiging permanenteng residente.

### Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa USCIS Immigrant Fee, bumisita sa [www.uscis.gov/ImmigrantFee](http://www.uscis.gov/ImmigrantFee) and [www.uscis.gov/file-online](http://www.uscis.gov/file-online).

## Mga Pangunahing Impormasyon

Mga pangunahing USCIS form na tinukoy sa gabay na ito	Form #
Permanent Resident Card	I-551

Mga pangunahing web site na tinukoy sa gabay na ito	Link ng website
USCIS Electronic Immigration System	<a href="http://www.uscis.gov/uscis-elis">www.uscis.gov/uscis-elis</a>
InfoPass	<a href="https://infopass.uscis.gov">https://infopass.uscis.gov</a>

Mga pangunahing numero ng telepono ng USCIS na tinukoy sa gabay na ito	Numero ng telepono
USCIS National Customer Service Center	<b>(800) 375-5283</b>
TDD para sa May Kapansanan sa Pandinig Customer Service	<b>(800) 767-1833</b>

Mga Iba pang Serbisyo ng Pamahalaan ng Estados Unidos – I-klik o Tawagan	
Pangkalahatang Impormasyon	<a href="http://www.usa.gov">www.usa.gov</a>
Mga Bagong Imigrante	<a href="http://www.welcometoUSA.gov">www.welcometoUSA.gov</a>
U.S. Immigration and Customs Enforcement	<a href="http://www.ice.gov">www.ice.gov</a>
U.S. Customs and Border Protection	<a href="http://www.cbp.gov">www.cbp.gov</a>
U.S. Department of State	<a href="http://www.state.gov">www.state.gov</a>
U.S. Postal Service	<a href="http://www.usps.gov">www.usps.gov</a>

Maaari rin ninyong bisitahin ang [www.uscis.gov](http://www.uscis.gov) para makapag-download ng mga form, mag-file ng mga ilang aplikasyon sa online, tingnan ang katayuan ng isang aplikasyon, at marami pang iba. Ito'y napakagandang lugar para magsimula!

Kapag hindi kayo makapag-access ng Internet sa bahay o trabaho, subukan sa inyong lokal na library.

Kapag hindi ninyo mahanap ang inyong kailangan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa <https://egov.uscis.gov/cris/contactus>.

**Pagpapaisantabi ng Paghahabol:** Ang gabay na ito ay nagbibigay ng batayang impormasyon para matulungan kayong maging pamilyar sa aming mga tuntunin at proseso. Para sa mga karagdagang impormasyon, o ang batas o mga alituntunin, pakibisita ang aming Web site. Ang batas sa imigrasyon ay maaaring kumplikado, at imposibleng ilarawan ang bawat aspeto ng bawat proseso. Malamang na nanaisin ninyong katawanin ng isang lisensiyadong abogado o ng isang non-profit agency (ahensiyang di kumikita) na legal na kinikilala ng Board of Immigration Appeals.